

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Tumor sa Utak sa mga Bata

Ano ang Tumor sa Utak?

Maraming uri ng karamdaman ang kabilang sa pagkakaroon ng tumor sa utak sanhi ng di pangkaraniwang paglaki ng tisyu sa loob ng bao ng ulo. Ang tumor ay maaring maging “benign” (di nakakamatay) at “malignant” (kanser at nakakamatay). Ang tumor sa utak ang pumapangalawang pangkaraniwang kanser sa mga bata.

Ano ang kahalagahan ng utak?

Ang utak ang isa sa pinakamahalagang bahagi ng ating katawan. Ito ang namamahala sa pagkakaroon ng maayos na alaala, pakiramdam (“senses”), iba’t ibang uri ng damdamin, maayos na paggalaw ng mga ugat, “nerves” at kalamnan (“muscles”).

Ano ang mga uri ng Tumor sa Utak?

Maraming uri ng tumor sa utak batay sa anyo nito kapag sinuri sa ilalim ng “microscope” (“histology”). Kung ang tumor ay nagtataglay ng mga selyula na may di pangkaraniwang anyo ito ay tinatawag na “high grade tumors” at lubhang agresibo.

Kabilang sa mga uri ng tumor sa utak na matatagpuan sa mga bata ay ang mga sumusunod:

1. Medulloblastoma – mula sa mga batang (“immature”) selyula ng utak
2. Astrocytoma – mula sa mga selyula ng utak na hugis bituin, na kung tawagin ay “astrocytes”
3. Ependymoma – mula sa selyula na matatagpuan sa mga guwang na butas ng utak
4. Malignant glioma – mula sa selyula na tumutulong sa mga “nerve cells”, na kung tawagin ay “glial cells”
5. Craniopharyngioma – mula sa selyula na matatagpuan malapit sa ibabaw ng “pituitary gland”
6. Germ Cell Tumors – mula sa selyulang pinagmulan ng obaryo (“ovaries”) at “testes”

Ano ang sanhi ng Tumor sa Utak?

Hanggang ngayon ay di pa natitiyak ang tunay na sanhi ng karamihan ng tumor sa utak. Wala pa ring sapat na kaalaman tungkol sa posibleng epekto ng ating kapaligiran at mga depektibong kaganapan sa sinapupunan (“genetic condition”) ukol sa pagkakaroon ng sakit na ito.

Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng Tumor sa Utak?

Ang mga senyales at sintomas ng batang may tumor sa utak ay nagkakaiba’t iba ayon sa laki, bahagi ng utak na apektado ng tumor at bilis ng paglaki nito. Karaniwan sa mga sintomas ay sanhi ng pagtaas ng presyon sa loob ng bao ng ulo katulad nang, madalas na pagsakit ng ulo sa umaga at pagsusuka. Kabilang sa iba pang mga palatandaan na maaaring makita ay ang mga sumusunod: pagkaduling, **paglabo** ng paningin, kombulsiyon, hirap sa paglakad at panimbang, pagkayamot, pagiging matulugin, biglang pagbabago sa ugali, personalidad o gawain sa paaralan at iba pa.

Paano malalaman kung ang isang bata ay may Tumor sa Utak?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya, at eksaminasyon ng buong katawan lalong lalo na ang bahagi na may kinalaman sa utak o “neurologic examination”. Mahalaga ito upang matukoy ang uri at grado ng tumor at kung ito ay nsa loob pa lamangng utak o kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan.

Bukod dito mahalaga ring maisailalim ang bata sa mga espesyal na eksaminasyon katulad ng “computed tomography (CT) scan” at “magnetic resonance imaging” (MRI) o kaya “Positron Emission Tomography (PET) scan” para mas ganap na makita at matukoy ang bahagi ng utak na nasaklaw ng tumor.

Kailangan ding kumuha ng sapat na bahagi ng tumor na kung tawagin ay “biopsy” para ito ay masuri nang mabuti sa ilalim ng “microscope” at matukoy ang uri at grado ng tumor sa utak. Ito ay isinasagawa ng isang **siruhanong dalubhasa sa mga sakit sa utak** o “pediatric neurosurgeon” na may sapat na kaalaman tungkol dito. **May mga pagkakataon na hindi posibleng makakuha ng bahagi ng tumor dahil sa maaring panganib na maidulot ng operasyon. Ang mga bagay na ito ay ipapaliwanag sa inyo ng siruhano.**

Ang iba pang mga pagsusuri na mahalaga sa pagtukoy ng tumor sa utak ay ang mga sumusunod: eksaminasyon sa dugo, atay, bato, pandinig at puso. Kung ang tumor ay hinihinalang kumalat na sa ibang bahagi ng katawan kinakailangan din ang “CT scan” ng mga baga at “scan” ng mga buto.

Maaari ring ipasuri ang dugo para sa “tumor markers”, upang malaman kung nagtataglay ito ng di pangkaraniwang mataas na antas ng “alpha fetoprotein” (AFP) at “human chorionic gonadotropin” (B-HCG), isa sa mga katangiang

matatagpuan sa isang uri ng tumor sa utak. May ibang uri ng tumor sa utak na mangangailangan din ang eksaminasyon ng tubig sa gulugod (“spinal fluid”) at “bone marrow” upang matukoy kung ito ay nagtataglay ng tumor.

Ano ang ibig sabihin ng “staging”?

Ang “staging” ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang tumor ay nasa isang bahagi pa lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagbatid sa antas o “stage” ng isang **batang may tumor** ay mahalaga sa pagpapalano ng angkop na paggamot **at** upang mabatid ang potensyal nitong gumaling.

Maraming uri ng pagaantas o “staging” na ginagamit ayon sa klase ng tumor sa utak. Sa pangkalahatan, ang tumor sa utak ay maaring uriin batay sa “grade”- kung gaano ka agresibo ang **paglaki ng** tumor o di kaya batay sa “risk” – kung ito ay nasa loob lamang ng utak o kumalat na sa gulugod at iba pang bahagi ng katawan.

Paano pina-plano ang paggamot sa batang may Tumor sa Utak?

Ang paggamot ng mga batang may kanser sa utak ay naaayon sa “grade” at “risk” ng tumor. Mahalagang isaalang-alang kung ang tumor ay agresibo at kung ito ay nasa loob lamang ng utak o kumalat na sa ibang bahagi ng katawan sa pagpapasiya sa pamamaraan ng paggamot.

Ang “pediatric oncologist” o espesyalista sa kanser, “pediatric neurologist” at “pediatric neurosurgeon” na may sapat na kaalaman sa tumor sa utak, ang siyang mga pangunahing doktor na gagamot sa sakit na ito. Bukod sa mga nabanggit, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa **iba’t ibang aspeto ng** sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggamot sa tumor sa utak. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: radiologist, radiation oncologist, pediatric surgeon, endocrinologist, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, physical and occupational therapist at iba pa.

Paano ginagamot ang Tumor sa Utak?

Kabilang sa paggamot ng tumor sa utak ay ang operasyon o pagtanggali ng bukol, ang pagbibigay ng mga espesyal at matatapang na gamot na kung tawagin ay “chemotherapy”, at ang tinatawag na “radiation therapy”. Ang pamamaraan ng paggamot ay batay sa uri at bahagi ng utak na apektado ng tumor.

Isinasagawa ang operasyon upang makakuha ng sapat na bahagi ng tumor para ito ay masuri nang mabuti at matukoy ang uri ng tumor sa utak batay sa anyo nito sa ilalim ng “microscope” at hangga’t maari, ganap na matanggali ang bukol na hindi magdudulot ng panganib sa bata.

Layunin ng “chemotherapy” ang pagpuksa sa tumor sa pamamagitan ng **paggamit** ng iba’t ibang matatapang na gamot na maaaring ipainom, iturok sa laman o ipadaan sa ugat (“systemic therapy”) ayon sa uri ng tumor sa utak. Ito ay maaring ibigay bago (“neoadjuvant”) at/o pagkatapos (“adjuvant”) ng operasyon. Ito ay binibigay din sa mga pasyenteng sobrang bata pa, at hindi maaaring sumailalim sa “radiation therapy” dahil sa masamang epekto nito sa utak at sa paglaki.

Ang “radiation therapy” ay binibigay ayon sa pangangailangan ng batang may tumor sa utak. Maari itong ibigay isang beses sa isang araw, sa loob ng ilang araw o di kaya hatiin sa maraming beses sa isang araw. Ito ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina (“high energy x-rays”) upang patayin ang tumor. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist na **siyang dalubhasa sa paggamit nito**

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan ang paggamit ng “blood stem cell” o “bone marrow transplantation” para sa mga batang may malubhang sakit at kalat na ang tumor sa ibang bahagi ng katawan. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbigay sa batang may tumor sa utak ng mas matapang na gamot kasunod ng pagbigay ng sarili niyang malusog na “blood stem/bone marrow cells” na dati nang tinipon at inimbak sa isang espesyal na “freezer” (“autologous transplant”). Ito ay hindi isang operasyon; bagkus, ang mga “blood stem cells” ay isinasalin sa pamamagitan ng ugat kagaya ng pagsalin ng dugo.



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, hinihikayat ang pagkonsulta sa inyong “pediatric oncologist” na may dalubhasang kaalaman tungkol dito.